

# 1

Pawisan na si Bunny. Init na init na siya at lagkit na lagkit na ang katawan sa pinaghalu-halong usok ng sasakyan at alikabok. Pakiramdam niya ay amoy panis na daing na siya. Kaninang umaga pa siya naghahanap ng mapapasukang trabaho pero inabot na siya ng alas seis ng gabi ay wala pa ring nangyari sa paghahanap niya.

Gusto na niyang maglupasay na lamang sa daan sa kawalan ng pag-asa. Ilang buwan na nga ba siyang graduate? Hanggang sa oras na iyon ay wala pa siyang napapasukan. Kailangan na niyang magkaroon ng trabaho dahil wala na siyang maibabayad sa kasera niyang daig pa ang sabungera sa pagiging bungangera.

Nakatapos naman siya ng four-year course. Iyon nga lang ay sa isang di-kilalang unibersidad pa sa probinsya. Iyon yata ang biggest turn off para sa mga employer. Sawa na siyang marinig ang ‘Thank you for your time. We’ll just call you.’ Dahil alam na niya ngayon na ang ibig sabihin niyon ay hindi darating ang tawag na iyon kahit pa mamuti na ang mga mata niya sa kahihintay. At hindi rin basta-basta

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

ang pinanggalingang universities ng mga kasabayan niyang nag-aapply. Natural, echa-puwera ang beauty niya!

Eh, kung mag-Japan na lang kaya siya?

*Nye!* naibulalas niya sa sarili. Ipinilig ni Bunny ang ulo na para bang sa ganoong paraan ay matatanggal ang ideyang naisip. Hindi pa siya ganoon kadesperado para mag-Japan. Takot siya sa mga *Yakuza!* Itinuon niyang muli ang atensyon sa daan.

“Ano ba ’yan, miss! Tignan mo naman ang dinadaan mo,” singhal ng isang ale sa kanya.

“Ikaw na nga ang nakabunggo, eh,” angal niya. Kahit di hamak na mas malaki sa kanya ang babae ay hindi niya iyon uurungan.

“Kung hindi ka ba naman kasi tatanga-tanga rian. Para kang nasa Luneta kung maglakad. Hoy, dito sa Maynila lahat ng tao nagmamadali! Hmp!” Iyon lang at binirahan na siya ng talikod ng ale.

At tinawag pa siyang aanga-anga! Kung bakit naman kasi napakabagal nga naman ng paglalakad niya. Masyado kasi siyang maraming iniisip. Ipinilig niya ang ulo at itinuon sa paglalakad ang konsentrasyon.

Uwian na kaya nahirapan na si Bunny na maghanap ng masasakyan pauwi. Punuan din ang mga jeep. Pero bale-wala iyon sa kanya. Sanay yata siya sa balyahan at pakikipag-agawan ng upuan.

*Ako pa!* anyia sa sarili.

Mahigit isang oras din siyang naghihintay ng masasakyan. Nang matanawan niya ang sign board ng jeep na Cubao-Yale ay naghanda na siya sa giyera. Sa malas ay marami pa ring nauna sa kanya. Aatras na sana siya dahil malabong masakay pa siya nang matanawan niyang pababa ang nakasakay sa harapan ng sasakyan.

Nakipag-unahan si Bunny para makaupo sa tabi ng driver. Kaagad siyang sumampa pagkaabot sa pakay. Hindi niya alintana kahit pa nakapalda siya at nakasuot ng high heels. Ang mahalaga para sa kanya ay makauwi na siya kaagad. Wala pang alas nueve ng umaga nang umalis siya at ni hindi pa siya kumakain ng tanghalian. Pagkaupo ay napangiti siya sa sarili.

“Success!” mahinang bulong niya habang napapangiti. Parang gusto pa nga niyang isuntok sa ere ang isang kamao sa tuwa.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Napansin niyang nakangiwi ang tsuper habang pinanonood siya. Hindi niya alam kung maiinis o maiinsulto. Mukha itong diring-diri sa hitsura niya. Para bang ayaw pa siyang makatabi.

Napamaang lamang siya rito. Nakakaloko ang ngiti sa labi nito. Nang-aalaska yata talaga. Umigkas ang kilay niya, iyon nga lang, parehong tumaas ang mga ito.

“Miss, kinikindatan mo ba ako?” hirit ng driver na ikinalaking lalo ng mga mata niya.

Hindi makakibo si Bunny.

“O, miss, masisilip ko na ang utak mo sa laki ng butas ng ilong mo, ah!” Sinundan pa nito iyon ng mahina at nakakalokong tawa.

*’Ku! Kung hindi lang kasalanan ang pumatay!*

Tinitigan niya ang mukha nito. Medyo marusing na ito dahil marahil sa maghaponing pamamasada. May *Good Morning* towel pang nakasampay sa balikat nito.

Ang kapal ng mukhang pagbintangan siyang nangingindat! *’Nay ko po! Kahit guwapo ka, may taste naman ako, ’no!* Iyon sana ang gusto ni Bunny na ipamukha rito pero sa halip ay inirapan na lang

niya ito.

Tila naman nang-aasar talaga ang driver dahil nginisihan pa siya. Sa sobrang inis ay hindi na napansin ni Bunny ang puti at pantay-pantay na ngipin ng lalaki.

Ipinasya niyang huwag na lamang itong pansinin. Umayos siya ng upo, sumandal pa. Pagkuwan, inilabas niya mula sa bag ang baong pocketbook. Iyon lang ang hilig niya, ang magbasa ng mga romance novels. Pakiramdam niya ay nakakatakas siya sa kalupitan ng mundo sa tuwing nagbabasa siya ng mga iyon. Hindi niya napansin ang panaka-nakang sulyap sa kanya ng katabing driver. Absorbed na absorbed na siya sa binabasa.

---

Pansumandaling nalimutan ni Bunny na nasa pampublikong lugar siya. Ang buong atensyon ni Bunny ay nasa binabasa nang bigla na lamang siyang sumubsob sa harap. Hindi na niya kailangang hulaan ang nangyari.

Sa talim ng tinging ipinukol niya sa katabi ay parang mapapatay na niya ito.

“Miss, ang sama mo namang makatingin. Sige ka pag namatay ako, mababawasan na naman ang

guwapo sa Pilipinas. Mukhang wala ka pa namang boyfriend,” may pagmamalaking sabi pa nito.

Pakiramdam ni Bunny ay pinamulahan siya ng mukha. Ganoon ba ka-obvious na walang magkamaling manligaw sa kanya? *Grrr!*

“Feeling ka naman! And for your information, may boyfriend po ako!” Pinagsalikop pa niya ang braso sa harapan. Dahil kung hindi niya gagawin iyon ay baka madagukan niya ang lalaki.

Muli naman itong natawa. Parang nahulaang nagsisinungaling siya. Mayamaya ay isinatinig nga nito ang iniisip.

“I doubt it,” bulong nito. Hindi iyon nakaligtas sa pandinig niya kaya lalong kumulo ang dugo niya. “Kung totoong may boyfriend ka, hindi dapat ganyan ang hitsura mo. Lahat ng kilala kong may boyfriend, laging maganda. O kaya nagpapaganda.” At muli na naman itong tumawa.

Para na ring sinabi nitong pangit siya!

“Aba’t—hmp! Antipatiko! As if sa ’yo may magkakamaling pumatol! Ang dungis-dungis mo, ’no! ’Tsaka... at saka—” Namaywang siya rito. Sa gulo yata nilang dalawa sa harap ay bumaba na ang katabi niyang pasahero. Pero wala siyang pakialam

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

dahil sumosobra na ang lalaki. Bakit nga ba kasi niya pinatulan pa ang pang-aasar nito? Hayun tuloy, asar-talo ang inabot ni Bunny.

“At saka ano?” putol nito. “Driver lang ako, gan'on ba?”

Hindi siya makasagot dahil iyon talaga ang naisip niya kanina. Hindi lamang niya itinuloy dahil kahit naiinis siya, hindi niya ugali ang mangmata ng kapwa. Isa pa, wala rin naman siyang ‘K’ na gawin ang gayon. Wala siyang trabaho, at least ang lalaki mayroong hanap-buhay.

Dumukwang ang lalaki palapit sa kanya. Napapikit naman siya nang mariin. *Inay ko po! Ano kaya'ng balak ng lalaking ito? Baka bigla akong halikan! Napikon na yata nang tuluyan sa nasabi ko. Baka ni hindi pa ito nagsesepilyo. Nyay!*

Sa naisip ay lalo pang dumiin ang kanyang pagkakapikit. Humigpit din ang hawak niya sa pocketbook.

“Uy! Bakit bigla kang pumikit diyan? Akala mo iki-kiss kita? Kahit ilang dasal pa ang gawin mo, hindi kita hahalikan.” May langkap na amusement sa tinig nito pero hindi iyon rumehistro kay Bunny.

“Ha?” parang timang na baling ng dalaga sa

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

katabi. Hindi dumating ang kinatatakutan niyang halik. Nakaayos na ito ng upo at nakatuon ang tingin sa daan. Napansin niyang may nakasabit na tila lumang seatbelt sa may tagiliran niya, nakaharang sa munting pinto ng jeep sa harap. Iyon pala ang inayos nito kaya dumukwang kanina.

“Para wala nang tumabi pa sa ’yo. Mahirap na, ang burara mo pa man ding umupo. Baka kargo ko pa pag may nambastos sa ’yong pasahero diyan.” Parang may humaplos naman sa puso niya sa tinurang iyon ng lalaki. “Kahit pa driver lang ako, hindi ko gustong may nakikitang babaeng nababastos.”

Nakagat ni Bunny ang pang-ibabang labi. Foul yata siya sa naisip kanina. “Hindi naman gan’on ang ibig kong sabihin,” paliwanag niya. Pero sa sulok ng isip niya ay nagtataka siya kung bakit parang gusto pa niyang magpaliwanag. Maganda na nga iyong nakapunto na siya sa asaran nila, di ba?

Pero hindi siya natuwa, lalo pa nang makita ang bahid ng pagtatampo sa mukha ng kaharap.

“Hu! Kunwari ka pa! Ganyan naman kayong mga babae. Ang hilig ninyong mangmata. Pinapansin lang ninyo ’yong mga nakakotse. May wheels din naman ako, ah. Apat din naman ang gulong nito.”



*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

*Corny!* protesta ng isip ni Bunny pero mukhang seryoso ang lalaki sa drama nito. Ipinasya niyang huwag na lang sumagot. Tumahimik na rin ito, hindi na nang-aasar.

Napahalukip siya. Umusod nang kaunti palayo rito at itinutok ang tingin sa daan. Sa sobrang pagod at gutom ay napaidlip siya.

---

Nasa isang napakagandang opisina si Bunny. At damang-dama niya ang lamig na ibinubuga ng aircon. Naririnig pa nga niya ang munting ingay na likha niyon. Pero bakit ganoon? Parang pinagpapawisan siya kahit pa malakas ang buga ng aircon?

Napakaganda rin ng kanyang mesa at upuan. Sa pakiwari niya ay hindi biro ang kanyang posisyon sa opisinaang iyon. Nakamasid pa rin siya sa paligid at ninanamnam ang ganda niyon nang marinig niyang tumunog ang intercom.

“Miss, gumising ka na.”

*Weird!* anang isip ni Bunny. Muling tumunog ang intercom. Malabo ang naging dating niyon sa guni-guni niya. Pero ramdam niya ang mabining pagtapik sa kanyang pisngi. Palakas nang palakas ang tinig, maging ang pagtapik sa kanya. Unti-unting

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

nagmulat siya ng mga mata. At isang nakabibinging tili ang pinakawalan niya nang mapagsino ang nakatunghay sa mukha niya. Napaupo siya nang tuwid. Hindi kaagad rumehistro sa isip na nasa jeep pa rin siya. Nagmamadali siyang napatayo.

“Aray!” Napahawak siya sa ulong nauntog sa kisame ng sasakyan. Ang lalaki naman ay napangiwi sa lakas yata ng tili niya. Akmang titili na naman siya nang takpan nito ang bibig niya.

“Hmp—hmp!” *Bitiwan mo ako!* Ngunit hindi niya iyon maisatinig. Nagkakawag na lamang siya.

“Huwag kang maingay baka akalain pa ng ibang taong makakita kung ano na ang ginawa ko sa 'yo!” anang antipatikong driver. “Aalisin ko ang takip pero huwag ka nang titili, ha? Ang sakit sa tainga. Mukhang nabasag ang eardrums ko.” Tumango siya. Pero pagkaalis na pagkaalis ng kamay nito sa bibig niya, nagtatalak na siya.

“Eardrums ka diyan!” singhal ni Bunny. “Ano'ng ginawa mo sa akin, ha? Bakit ba nandito pa ako? Nasaan na ba tayo?” Nagpalinga-linga siya sa paligid. Madilim na. Hindi siya pamilyar sa lugar kaya siguradong lampas na siya sa dapat ay bababaan niya. Sukat ba naman kasing matulog siya sa jeep!

“Whoa! Isa-isa lang!” natatawang bulalas ng lalaki. “Hindi ko naman kasi alam kung saan ka bababa. Malay ko bang dederecho ang tulog mo? Takot ko nga kanina na malaglag ka diyan.”

Para namang gusto pa niyang ma-touch sa concern nito. But, no! Malay niya kung ano ang ginawa nito sa kanya habang tulog siya.

“Mamaya, ako pa ang magpagamot sa ’yo, di naubos ang kinita ko!” dugtong pa nito.

Sa narinig ay inirapan niya ito. Akala pa naman niya, concerned ito. Iyon pala, concerned nga ito—sa kinita at hindi sa kanya.

“O, ang sama na naman ng tingin mo sa akin. Wala akong ginawa sa ’yo,” depensa nito sa sarili. “Hindi ko hilig ang mga maiitim.” At sinundan pa nito iyon ng nakakalokong tawa.

Maitim? Siya si Vanessa Miranda, maitim? Gusto niyang lamukusin ang pagmumukha ng kaharap!

Oo nga’t kulot siya at hindi maputi pero hindi naman kinky ang buhok niya at hindi naman siya ganoon kaitim! Kayumanggi ang tamang description sa kulay niya. *Walanghiyang lalaki ito, ah! Ang lakas mang-asar!* Parang umuusok na ang bumbunan niya.

“O, huwag kang gaganyan. Lalong pumapangit pag ganyang nanlalaki ang butas ng ilong mo!” At ginaya pa siya nito.

“Ang pangit mo! Pangit! Pangit” Sa asar ay dinaig pa ni Bunny ang bata at tanging iyon lang ang nasabi niya. Dinampot niya ang bag at pinaghahampas ito sa dibdib at braso. Parang maiiyak siya sa pagkapikon. Sige rin naman sa pag-ilag ang lalaki.

“Hey! Hey! Stop it—hey!” Pinipilit nitong pigilan ang mga kamay niya. Panay rin ang tawa nito. Kaya naman lalo pang nilakasan ni Bunny ang paghampas.

“Hayan! ’Yan ang bagay sa’yo! Hmp! Hmp! Maitim pala, ah!”

“Hey, tama na. Lalong lumilitaw ’yang legs mo! Buti sana kung mapuputi!” Sinundan iyon ng malulutong pang tawa.

“Aba’t bastos ka talaga!” Pakiramdam ni Bunny ay talung-talo siya. Tumigil siya sa paghampas. Sumandal sa upuan. Nanahimik at mayamaya pa ay walang sabi-sabing pumalahaw siya ng iyak. Hindi na niya napigilan ang emosyon. Sobrang asar na asar siya. Lalo nitong pinaliit ang tingin niya sa sarili. Medyo nabawasan kasi ang self-confidence

Prince Charming In Disguise - Darla Domingo

niya mula noong unang pagkakataon na hindi siya natanggap sa in-apply-an.

Parang naalarma naman ang driver sa inasal niya. Hindi nito inaasahang iiyak na lamang siya bigla. Ano nga ba ang gagawin sa babaeng umiiyak?

---

Napakamot sa ulo si Gene. Ano nga ba ang gagawin niya? Ngayon pa lang may umiyak na babae sa harapan niya! At wala pa naman siyang ginagawa rito. Yayakapin kaya niya? Baka naman mapagkamalan itong manyakis. Baka hindi lang hampas ang gawin ng babae, baka masampal pa siya. But in fairness, maganda ang babae.

Natataranta na si Gene!Hayaan na lang kaya niya? Baka hindi tumigil. Hindi naman niya alam kung saan ito ihahatid.

Mayamaya lang ay naramdaman niyang tumahan na ang babae. *Hay, salamat!* nausal niya sa sarili. Inabot niya ang towel niya rito. Sa gulat naman niya ay tinanggap iyon ng babae. Ipinampahid iyon ng luha. At doon na rin suminga!

Hindi na nag-atubili si Bunny na kunin ang towel. Alangan namang hayaan niyang tumulo na lang ang sipon. Sukat ba naman kasing mawala na

naman niya ang panyo kanina.

Nagulat pa si Bunny. Ang inaasahan niya ay mabantot at maasim ang towel. Pero sa halip ay mabining men's cologne ang naamoy niya. At kahit hindi siya bumibili ng pabango ay alam niyang mamahalin ang gayon. Iba ang amoy, hindi masakit sa ilong. O baka naman epekto lang ng sipon niya kaya hindi niya maamoy ang pawis doon.

“Mabango ba ang pawis ko?” tanong ni Gene kay Bunny. Napansin nito ang ginawa niyang pagsinghot sa towel nito. Nang lingunin ito ni Bunny ay naroon na naman ang amusement sa mga mata nito, tila handa na namang mang-alaska.

Bunny noticed the playful grin at the corner of his mouth, too. And she must admit, may hitsura ang mokong! Still, inis pa rin siya rito. Hindi niya malilimutan sa susunod na limampung taon ng buhay niya ang pamimintas nito. Maitim daw siya! Ito lamang ang nagtangkang magsabi sa kanya ng ganoon. *Ang tapang ng apog, akala mo kung sinong kaguwapuhan!* Inirapan niya uli ito.

“Lady,” anitong pailing-iling, “baka mamatay ako sa kaiirap mo.”

“Eh, ano naman sa akin?”

“Hindi mo ba alam na basta driver, sweet lover? Sige ka, sayang ako. Mamamatay akong hindi mo man lang natitikman.”

“Bastos! Bastos! ’Tsaka ang corny mo!” Pero sa totoo lang, nangingiti na rin siya. Balak yatang maging komedyante ng lalaking ito.

“O, hayan nakangiti ka na. Hindi ka naman palagan’on kapangit pag naka-smile ka,” hirit pa nito. Nang akmang hahampasin na naman niya ito ay kaagad nitong binawi ang sinabi. “Ito naman, hindi mabiro. O sige na, sorry na. Hindi na kita aasarin. Saka, saan ka ba nakatira? Ihahatid na kita, gabi na.”

Umayos na ito ng upo, hinarap na ang manibela.

“Huwag na,” tanggi ni Bunny. “Kaya ko namang umuwing mag-isa. At mag-a-alas-nueve pa lang naman. Hindi pa masyadong gabi.”

Ang totoo, gusto na rin niyang tanggapin ang alok nito. Pagod na rin siya sa maghaponing paglalakad at pagbibiyahe. At hindi naman mukhang masamang tao ang lalaki. Hindi rin mukhang manyakis, kung hindi ay kanina pa sana may nangyari sa kanyang masama, habang tulog siya. At sabi nga nito, hindi ito mahilig sa maitim. Muling nagsalubong ang mga

kilay niya sa pagkaalala roon.

Isa pa, nakakatamad na ring makipagsiksikan sa mga jeep. Malay niya kung makakailang sakay siya bago makauwi. Sa huli, pinaunlakan din niya ang alok nito.

“Sige na nga, ihatid mo na lang ako. Tatal kasalanan mo naman kung bakit ako lumampas. Hindi mo ako ginising.”

“Ako pa ngayon? Kasalanan ko bang antukin ka sa daan? At malay ko ba kung saan ka bababa? Hindi ka pa nga nagbabayad.”

Sukat sa narinig ay pinamulahan siya ng mukha. Nakalimutan nga pala niyang magbayad. Pero nang tingnan niya ang estranghero ay hindi naman ito mukhang galit sa hindi niya pagbayad.

Sinabi niya rito kung saan siya ihahatid. Habang daan ay kakatwang tahimik sila pareho. Napagod marahil sa bangayan.



## 2

Sabado. Hindi kaagad bumangon si Bunny dahil wala siyang balak maghanap ng trabaho sa araw na iyon. Gusto lang niyang magpahinga. Mamaya na niya gagawin lahat ng kailangan niyang gawin—maglalaba, magpaplantsa, at gagawa ng merienda na balak niyang itinda sa harapan ng bahay niya mamayang hapon. Sideline niya ang pagtitinda kapag ganoong Sabado at wala naman siyang pupuntahan.

Isang maliit na kuwartong may sariling banyo ang inuupahan niya sa Cubao. Hindi iyon kagandahan pero malinis naman. Ayos na ayos lang iyon para sa kanya dahil hindi naman siya maarte. Isa pa, hindi pa niya afford maging maselan dahil wala nga siyang trabaho.

Noon ay hindi niya problema ang renta dahil kasama sa scholarship niya ang housing allowance. Iba pa iyong book allowance at iyong para sa tuition fee. Pagkain lang ang pinoproblema nila ng mga magulang niya na nasa Batangas.

Ngunit ngayon, sagot na niya lahat. Hindi na siya maaaring umasa sa mga magulang dahil gipit

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

din ang mga ito. May dalawang kapatid pa siyang nakababata na nag-aaral pa sa high school. At umaasa ang kanyang pamilya na magkaroon kaagad siya ng trabaho para makatulong sa mga gastusin.

Hindi pa talaga niya balak tumayo nang makarinig ng mga katok sa pinto. Pungas-pungas siyang lumapit doon at tiningnan ang istorbo.

“Hi!” Iyon ang salubong sa kanya ng lalaking kaharap ngayon.

*Sino ba ito?* tanong ng inaantok pang diwa ni Bunny. Pilit niyang inaalala kung saan ito nakilala. Siya nga kaya ang sadya nito? Muli niyang pinag-aralan ang hitsura nito. Malinis ang mukha nito. Maayos ang buhok. At hindi maikakailang guwapo sa suot nitong dark blue na polo at slacks na khaki. Kaswal lang pero malakas ang dating. Nakangisi ito. At dahil doon, nakilala niya kung sino ito—ang antipatikong driver ng sinakyan niyang jeep nang nagdaang gabi!

*Or could it be?* Parang ayaw pang maniwala ng isang bahagi ng utak niya. Paanong hindi...

*My gosh! Impossible!* Paano nangyaring ang buwisit na lalaking naghatid sa kanya kagabi at ang apo ni *Machete* ay iisa? At ano ang ginagawa nito sa

harapan niya ngayon? Bagong housemate niya ba ito?

Habang abala siya sa pag-iisip kung kikiligin ba o magtataray ay naaaliw namang pinanonood ni Gene ang expression sa mukha ng dalaga.

“Hindi mo ba ako patutuluyin?” tanong nito.

“At bakit naman kita patutuluyin, aber, kilala ba kita?” Idinaan na lamang ni Bunny ang pagkalito o pagkabigla sa pagsusungit. Alangan namang magpahalata siyang naku-cute-an siya rito? Tinawag siya nitong maitim. Biglang naningkit ang mga mata ni Bunny pagkaalala roon.

“Ikaw talaga. Kahit pala bagong gising ka, hindi nawawala ang kasungitan mo. Ako nga pala si Gene, ‘yong driver ng nasakyan mong jeep kagabi.”

“Alam ko! Tinatanong ko nga kung ano’ng ginagawa mo rito, que aga-aga,” nayayamot kunwari na saad ni Bunny. Isinandal pa niya ang ulo sa bahagyang nakaawang na pinto na animo inaantok pa.

Ngingiti-ngiti naman si Gene sa hitsura ng babae. Halatang bagong gising pa ang dalaga. Magulo ang buhok, gusot pa ang damit, at... Napatutok ang paningin nito sa harapang bahagi ng suot ng dalaga.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Napansin ni Bunny na tila natigilan ang kaharap. Sinundan niya ng tingin ang tinututukan ng mga mata nito. Naalala niyang wala nga pala siyang suot na bra! Sa nipis ng t-shirt na ipinantutulong niya ay hindi malayong aninaw ang dapat sana ay nakatago!

Tumikhim siya upang kuhanin ang atensyon ng lalaki at nang matanggal ang pagkakapagkit ng mga mata ng bisita—o *buwisita*—sa dibdib niya. Mangani-ngani na niya itong dagukan.

“Kala ko ba, hindi ka mahilig sa maitim? Ba’t parang na-magnet yata iyang mga mata mo sa t-shirt ko?” tanong niya.

Amused na amused namang sinalubong ni Gene ang masamang tingin ng babae. Ang inaasahan nga niya ay sasampalin siya nito. Hindi pa rin niya maiwasang mapangiti. Kahit gayon ang ayos ng babae ay maganda pa rin ito. *Lalong gumanda*, dagdag niya sa isip. *Maitim nga lang*, dagdag ng kontrabidang bahagi ng isip niya. Lalo na pala kapag bagong gising ito. Magulo pa ang buhok!

Kung naririnig lang ng babae ang takbo ng isip niya, siguradong maka-karate siya nang wala sa oras!

“Hindi mo muna ba ako patutuluyin? Napaka-

hospitable mo naman,” biro na lamang ni Gene.

“Hindi kita pwedeng patuluyin, ’no. Kuwarta na ’tong sa loob. Saka hindi pa ako nakakapag-ayos. Ano ba’ng kailangan mo?”

Isang maliit na libro ang iniharap nito sa kanya. “Naiwan mo kagabi sa jeep ko. Nagmagandang-loob na akong ihatid dito, magandang binibini.” He chuckled a bit.

Padaskol namang inabot ni Bunny ang pocketbook. Hindi niya napansing naiwan pala niya iyon. Bahagya lamang lumabas sa bibig niya ang “Thank you.”

Hindi na nagtagal ang lalaking nagpakilala sa kanyang Gene. May lakad daw ito kaya pala naka-postura. Guwapo ang mokong pag nakaayos. Hindi tulad kagabi, may hitsura nga kaya lang medyo marungis na ito. *Pero mabango!* bulong ng naughty part ng kanyang utak. Pinalis niya rin kaagad iyon.

Muli siyang bumalik sa higaan. Pero mayamaya rin ay bumangong muli dahil hindi na dalawin ng antok. Ipinasya niyang simulan na ang mga gawaing-bahay.

---

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Mag-a-alas-dos na ng hapon ay hindi pa rin siya tapos sa labahin si Bunny. Kailangan pa niyang magluto ng merienda na ititinda niya sa harapan ng gate ng boarding house niya. Sayang naman kasi ang kikitain niya.

“O, Buns, tapos ka na?” tanong ni Jenny. Nakangiti itong nakatunghay sa kanya. Umuupa rin ito ng kuwarto roon at naging kaibigan na niya ito.

“Ha? Ah, oo. Actually, hindi ko pa tapos lahat, pero bukas na itong iba. Alam mo na, kailangan ko nang magluto.”

“Ang sipag mo talaga.”

“Kailangan, eh. Alam mo naman, hinihintay sa Batangas ang padala ko. Hindi ko pa nga alam kung paano sasabihing wala pa akong trabaho.”

“Ganyan talaga sa umpisa. Sa dami ng nakatapos ngayon, halos wala nang trabahong mapasukan. Lalo na kung wala kang kapit.”

Hindi pinahalata ni Bunny ang kalungkutan sa katotohanan ng sinabi nito.

“Sige, pasok ko muna ang mga ito,” tukoy ni Jenny sa bitbit na groceries.

Buti pa ito, may regular na trabaho. Tinampal

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

niya nang mahina ang noo upang alisin ang negatibong kaisipan. Alam niyang hindi iyon makakatulong sa kanya. Minabuti niyang harapin na lamang ang pagluluto. Bago simulan ang pagluluto ay nagpiga muna siya ng calamansi sa mga kamay. Nang matuyo ay naghugas at saka naman nagpahid ng lotion. Turo iyon sa kanya ng inay niya. Para raw manatiling malambot at makinis ang mga daliri at palad niya. Kaya naman kahit naglalaba ay hindi nakakahiyang ipahawak ang mga kamay niya.

Spaghetti at pancit-bihon ang balak niyang iluto sa hapong iyon. Nakapamalengke na siya noon pang isang araw. May common kitchen sila sa boarding house. Talaga namang sulit ang ibinabayad niya sa gas dahil nga nagagamit niya sa negosyo ang pagluluto.

Mabilis ang kilos niya dahil nga lampas alas dos na.

“Uy, mukhang masarap ’yan, ah,” bati ni Jenny. May kasama pa iyong singhot sa kanyang niluluto. “Tirhan mo ’ko n’yan mamaya, ah. Dalawang order ng spag at saka isang order ng pancit.”

“Ang dami naman yata ng order mo ngayon,” komento ni Bunny.

“Darating kasi ang jowa ko mamaya. Alam mo naman iyon, malakas kumain.” Sinamahan pa nito ng kindat ang sinabi.

Napangiti naman siya hindi lang dahil may benta na siya kundi dahil naalala niya ang mga weirdo na sounds na naririnig niya mula sa silid ni Jenny kapag bisita nito ang nobyo. Noong una ay naaalibadbaran pa siya. Tila siya pa ang naha-harass sa mga naririnig. Pero nang lumaon ay nasanay na rin siya. Isa pa mabait namang kaibigan si Jenny. Gayon din ang nobyo nito. Marunong makisama.

Matapos maisalang ang pancit at spaghetti ay hinarap na rin niya ang paggawa ng turon. Kahit isang piling lang ng saba ang magawa niya, malaki pa rin ang kita niya roon. Tuloy lang naman sa pag-chika sa kanya si Jenny.

“Sino nga pala iyong bisita mo kaninang umaga, Bunny?”

“Huh?” Natigilan siya saglit pero mayamaya ay naalala rin niya kung sino ang tinutukoy nito.

“Ito naman nahiya pa. Papa-ble naman siya kaya ’wag ka nang mag-deny. Boyfriend mo?”

Nang lingunin niya si Jenny ay nakabungisngis ito. “Oy, malisyosa masyado ’yang ngiti mo! Hindi



*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

ko boyfriend iyon. Yuck naman 'no, driver lang 'yon ng jeep!" She felt bad pagkasabi niyon. Parang gusto niyang kagatin ang dila remembering how Gene looked last night nang masabi niya iyon sa jeep kagabi.

"Lakas mo namang manlait, Buns. Kung gan'on kaguwapo ang driver, lagi na lang akong magdyi-jeep." Mukhang kinilig pa ito sa na-imagine.

Napasimangot naman siya. Well, guwapo nga si Gene kaya lang, driver pa rin. Kahit pa gaano ito kagandang lalaki o kahit gaano pa ka-macho, still, driver pa rin ito ng jeep. Ang dami namang puwedeng maging boyfriend, ayaw niya ng jeepney driver. Sawa na siya sa hirap ng buhay, gusto naman niya iyong mayaman na.

*Teka nga!* Napailing siya sa naisip. Bakit ba boyfriend ang takbo ng utak niya? Iyon lang naman ang naging pagkikita nila. Sigurado siyang hindi na iyon masusundan.

Nauwi siya sa ngitngit nang maalala ang panlalait nito sa kanya. *Hmp! Akala mo naman mayaman.*

Tili ni Jenny ang nagpabalik sa kanya sa tamang huwisyong.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

“Ang mga turon ko! Nasusunog na!” tili rin niya. Mabilis niyang pinatay ang kalan. Napalakas pala ang apoy. Hindi niya kasi pansin ang pagluluto dahil sa pagsagi ng lalaking iyon sa isip niya. Lalo tuloy lumaki ang kasalanan ng Gene na iyon! Buti na lamang at hindi gaanong na-damage ang mga paninda niya. Kung hindi, malulugi pa siya.

---

Hindi pa man naise-set ang mesa para sa mga paninda ni Bunny ay nagdatingan na ang kanyang mga suki. Natutuwa naman siya dahil sulit ang pagod niya. Mukhang mauubos na naman ang paninda niya. Mabuti na lamang at ipinagtira niya na si Jenny ng order nito sa kusina.

“Ate Bunny,” tawag sa kanya ng isang batang babae. Anak ito ng kasera niya. “Pabili raw po ng dalawang order ng pancitsabini Nanay.” Kinakabahan man ay binigyan niya pa rin ito. Sumandok siya ng paninda at pagkatapos ay sinupot iyon. Nang kunin na niya ang bayad ay napatunayan ang kanina ay kutob lang niya.

“Sabi po ni Nanay, ibawas n’yo na lang daw ito sa upa ninyo. Magbayad na din daw po kayo.” Napangiwi si Bunny. Siguro ay labindalawang taong gulang pa lamang ito. Gayunpaman, napahiya siya.

Buti na lamang, sila lang ni Jenny ang nakarinig.

“Hay naku, Buns, huwag mo nang pansinin iyong si Aling Tacing! Ibawas mo na lang sa renta.”

Nagkibit-balikat na lamang siya. Muling bumalik ang ngiti sa labi niya nang mapansing paubos na ang tinda niya. Maging ang turon ay kaunti na lamang. Ngunit ang ngiting iyon ay muling napalis nang dumating ang isang lalaki—si Jong.

“Bunny, my labs! Patikim naman ng spaghetti mo!” anito.

Matalim na irap ang sinagot ni Bunny rito. Nakakasuya ang luwang ng ngiti nito. Nakakaasar! Kung di lang ito malakas umorder... kahit papano ay may pakinabang ito sa buhay niya.

Si Jong ang kaisa-isa niyang manliligaw. At masugid ito. Hindi tuloy malaman ni Bunny kung masuwerte ba siya dahil may nagkamaling manligaw sa kanya, o malas dahil si Jong ang manliligaw na iyon.

“My labs-in mong mukha mo!” simangot niya rito habang inihahanda ang order nito. Pinakyaw na nito ang natitirang spaghetti. May limang order pa yata iyon.

“O, mainit na naman ang ulo mo, my labs. Pagod ka na naman ba? Ikaw naman kasi, ayaw mo pa akong sagutin. Eh, kung sinagot mo na ba ako, hindi mo na kailangan pang magtinda. Gagawin kitang queen *op* my kitchen!” Hindi maitago ang pagyayabang sa tinig ng lalaki kahit may f at v defect ito.

“Heh! Puwede ba, Jong? Mas mamatamisin kong magtinda kaysa naman maging girlfriend mo at lalong hindi ko pinangarap maging queen of your kitchen!”

“Bakit, my labs? Ano ba naman ang inaayawan mo sa akin? Hindi naman kita maintindihan, eh. May trabaho naman ako, guwapo at macho,” mayabang na saad pa nito. Lalo tuloy niyang gustong masuya. Masusuka na nga yata siya!

Totoo naman ang sinabi nito. May hitsura naman ito—makinis ang balat, hindi naman kirat, hindi rin naman sarat. Kompleto naman ang ngipin, pati iba pang bahagi ng katawan. Iyon nga lang bukod sa kayabangan nitong di niya ma-take, bansot pa! Halos magkasing-taas lang sila sa height niyang 5’2”! Paano na lang kapag naka-high heels siya? Ayaw naman niyang siya ang aakbay sa boyfriend niya, ’no!

Kay mamang driver na lang siya!

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Ha? Saan naman nanggaling ang ideyang iyon? Ipinilig niya ang ulo. Baka gutom na siya. Ipinasya niyang magligpit na para maitaboy na rin si Jong. Tatal ay turon na lang ang natira. Kakainin na lamang niya ang mga tira mamaya.

“Sige na, Jong. Mabuti pa umuwi ka na. Marami pa akong gagawin. Salamat sa pagbili mo, sige na.”

Napangiwi ito pero hindi na nagkomento. Hindi pa man ito nakalalayo ay bumungisngis na si Jenny.

“Ang lupit mo, friend! Hindi naman masyadong obvious na pinalalayas mo na siya, 'no!”

Natawa na rin siya. She had been rude pero talagang nasisira ang araw niya kapag nakikita si Jong. Sinimulan na niya ang pagliligpit nang isa pang lalaki ang dumating.

“Bunny,” tawag nito.

“Jong, ang kulit mo!” bulyaw niya habang paharap sa lalaki. Nagulat siya ng ibang mukha ang tumambad sa kanya.

“O, natulala ka, Buns!” ani Jenny. Nangiti ito nang makilala ang lalaking bagong dating. “Ikaw pala, pogi, ako si Jenny. Ikaw iyong bisita ni Bunny kaninang umaga, di ba?”

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Matamis naman ang isinukling ngiti ni Gene rito. Nagkamayan pa ang mga ito.

“Gene, at your service, Madame. Hindi naikuwento sa akin ni Bunny na may kaibigan pala siyang maganda. Akala ko...” Sadyang ibinitin nito ang sasabihin pero parang nahuhulaan na ni Bunny ang karugtong niyon. ...*katulad niyang maitim lang ang mga kaibigan niya.*

Tila naman kinilig si Jenny sa tinuran ng lalaki. At ikinainis iyon lalo ni Bunny. Parang gusto tuloy niya itong sikuhin. Nang malakas!

Aba! Ang alam niya, mas maganda siya kay Jenny. At hindi lang naman siya ang nagsabi niyon. Pero bakit pagdating kay Gene, si Jenny ay maganda samantalang siya ay maitim?

Kapag nga naman sisirain ang araw mo, dere-derecho!

Padabug-dabog ang drama ni Bunny. Pero sa malas ay hindi mapuknat ang kuwentuhan ng dalawa. Nalimutan yatang nandoon pa siya. At ang mahaderang si Jenny, nalimutan din yatang may boyfriend na ito. Kurutin kaya niya sa singit?

Eh, si Gene naman kaya, anong drama at naligaw muli doon? May iba pa kaya siyang naiwan

sa jeep nito?

---

Hanggang sa kusina ay hindi matigil ang huntahan nina Jenny at Gene kaya naman hindi rin nawala ang panghahaba ng nguso ni Bunny. Nailigpit na niya lahat ng mga ginamit at nahugasan na ang mga tray ay panay pa rin ang tawanan ng dalawa. May pahampas-hampas pang nalalaman si Jenny. Hindi niya napigilan ang pagtaas ng kilay.

“Uy, Buns, patikimin mo naman ng luto mo itong si Gene,” ani Jenny sa kanya. Gayon nga ang ginawa niya kahit parang labag sa loob. Sa inis ay ang mga nasunog na turon ang inihapag niya sa lalaki.

“Heto, o, ubusin mo ha?” aniyang may pekeng ngiti sa labi.

Tila naman natuwa lalo si Gene. Pero nag-iba ang mukha nito ng matikman ang turon.

“Ay, Gene, pagpasensyahan mo na iyan,” singit ni Jenny. “Kanina kasing nagluluto si Bunny napagkuwentuhan ka namin, kaya hayan napabayaang niya ang mga niluluto.”

What? Pahamak talaga itong si Jenny! Baka mamaya akalain pa ng Gene na ito na interesado

siya rito kaya nila pinag-uusapan. Pero hindi nga ba?

Halata namang ganoon nga ang takbo ng isip ng lalaki. Hindi maitago ang ngiti nito. At kahit sunog ang mga turon ay nagawa pa rin nito iyong ubusin.

“Aayos lang, masarap nga. Gusto ko kasi medyo sunog,” nakangiti pati mga mata nitong baling sa kanya.

Iniwang lamang sila ni Jenny nang dumating ang boyfriend nito. At tulad ng inaasahan niya, nagkulong na nga ang mga ito sa kuwarto. Dinala na rin doon ni Jenny ang mga order sa kanya kanina. Mamaya na niya ito sisingilin. Masungit niyang hinarap si Gene.

“Tapos ka na?” sikmat ni Bunny.

“O, bakit ang sungit mo na naman? Kaya pala mapait ang mga turon kasi masama rin ang timpla ng nagluto.”

“Hoy, Mamang Tsuper, kung ayaw mo ang lasa, huwag mong kainin.”

Pagkatapos niyon ay tinalikuran na niya ito. Ang balak niya ay magkulong na sa kanyang kuwarto at pabayaang lang si Gene. Ni hindi nga niya alam kung bakit naroroon ito. Ngunit sa pagkagulat



*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

niya ay mabilis na nahawakan ni Gene ang braso niya. Bigla siyang napaharap dito upang bumangga lamang sa dibdib nito.

*Matigas!* Iyon ang unang rumehistro sa isip ng dalaga. *At mabango.* Muli, nanuot sa ilong niya ang mabining cologne nito. Napapikit pa siya sa pagsinghot niyon. Pero muli siyang napadilat nang maulinigan ang bahagyang pagtawa ng lalaki. Bigla siyang kumawala rito. Halos napalundag pa nga siya patalikod.

“Hmp! Bastos ka talaga!” singhal niya. Hindi niya maitago ang pamumula ng mukha. Pakiramdam niya maging ang mga tainga niya ay namumula.

“Ikaw nga ang bastos diyan. Iiwanan mo ba naman ang bisita mo rito. Tapos nang-aamoy ka pa? Mabango ba ako?” Nanunukso maging ang mga mata ni Gene.

He looked so boyish, yet so manly. Parang ang sarap ngang makipaghuntahan dito. Masarap din siguro itong hampas-hampasin. Isa pa, ang bango talaga nito. Tila bagong ligo pa rin ito, kahit alam niyang galing ito sa lakarin.

Hindi niya matanggap ang takbo ng utak kaya muli siyang umirap. Sumandal siya sa dingding at

pinagsalikop ang braso sa dibdib.

“Bakit ka nga pala nandito?” tanong ni Bunny. Umupo namang muli ang lalaki sa stool. Muli itong dumampot ng turon at isinubo iyon. Pinanood niya ang pagnguya nito. At sa paraan ng pagkain nito ay parang ang sarap-sarap ng turon niya. Ikinuha niya ito ng malamig na inumin sa ref.

“Wala lang. Masama bang dalawin ka?”

*Hallelujah!* Nagsiawitan yata ang mga anghel sa ulo niya, and with matching harps pa!

“Dalawin? Ako? Bakit naman?” patay-malisya niyang tanong.

“Wala lang. Pero ang totoo, nakita kasi kitang nagtitinda nang madaan ‘yong sinasakyan ko dito. Naisip kong bumaba at kamustahin ka. Saka nagandahan ako d’on sa kasama mo.” Sa tinuran nitong iyon ay parang kumulo ang dugo niya. At isa-isang naglaglagan sa ulo niya ang mga harpa at anghel! Bakit ba niya pinagtitiyagaan pang kausapin ito? Si Jenny pala ang type.

“Malas mo, may boyfriend na siya!”

“Oo nga daw. Pero ayos lang ‘yon. At least, natikman ko ang turon mo. Masarap pala pag medyo

sunog,” anito na parang sincere naman sa sinabi.

Hindi napigilan ni Bunny na mapangiti. Kahit papaano ay may narinig siyang maganda tungkol sa kanya buhat dito.

“Boyfriend mo ba ‘yong kanina? ‘Yong last customer mo?” pagdaka ay usisa ni Gene. Kibit-balikat lang ang sagot ng dalaga. Nagpatuloy naman ito. “Akala ko, boyfriend mo. Hindi bagay sa ‘yo ‘yon. Masyadong maliit. Saka mukhang nagpapaiyak ng babae.”

Naintriga si Bunny. “Maano naman sa ‘yo? Sigurado ako, marami ka ring pinaiiyak na babae.”

“Hindi ko ugaling magpaiyak ng babae. Sabi ko nga sa ‘yo, di ba, basta driver, sweet lover,” nakangising sagot ni Gene.

“Oo na. Sige na, sweet lover ka na.”

“Ayaw mong maniwala? Gusto mong subukan?”

Napamaang si Bunny rito. He looked serious. But she knew better. Natural, biro lang iyon.

“Huwag na. Thank you na lang. Hindi ako interesado.”

Nagpatuloy pa ang kanilang asaran at

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

kuwentuhan. She found herself laughing at his stories. Kengkoy pala ito. At sa dami ng alam nito at sa paraan ng pagsasalita ay hindi ito mapagkakamalang driver kasi articulate ito. And Bunny enjoyed talking to him. Ayaw lang niyang aminin sa sarili.

Ilang sandali pa, nagpaalam na si Gene. Hindi pa rin malinaw kung bakit bigla na lamang itong bumalik gayong wala naman itong malinaw na sadya. Marahil ay naiinip lang ito kaya naghanap ng kausap at siya ang napagtripan. O baka naman, gusto lang makipagkaibigan. Iyon nga lang kaya? Bakit parang gusto niyang madismaya sa naisip?

### 3

Muling ginising si Bunny ng mga katok sa pinto kinabukasan. *Si Gene na naman kaya ito?* Napangiti siya sa naisip. Ano naman kaya iyon, this time? Parang gusto niyang kiligin! At kahit mag-a-alas-ocho pa lang ay parang biglang gumaan ang katawan niya nang buksan ang pinto.

Napalis ang ngiti niya nang mapagsino ang kumakatok. It was not Gene. It was Aling Tacing. And her big mouth.

Hindi pa man nagsasalita, alam na ni Bunny ang sadya nito. Natutop niya ang noo. *Oo nga pala, Sunday ngayon! Araw ng sermon!* Hindi siya natawa sa sariling joke! Kidding aside, iyon ang araw ng singilan ng renta. Hay, ano naman kaya ang alibi niya ngayon? Isang buwan na siyang hindi nakakabayad. Buti nga, hindi pa siya pinapalayas.

Wala siyang choice kundi sabihin ditong wala pa siyang pambayad.

“Aling Tacia...” Pinaganda niya ang tawag dito. Baka-sakaling makatulong iyon. “Makikiusap muna ho sana ako—”

“Hep!” maagap na pigil nito sa kanya, ang palad ay nakataas malapit sa mukha ni Bunny na tila ba ipahahalik iyon sa kanya habang ang kabilang kamay ay nakapamaywang. “Alam ko na ’yan. Aba, Bunny, kabisado ko na ’yang intro na iyan.” Bumuwelo ito upang lalong lakasan ang boses. Gustong matulig ng tainga niya sa tinuran nitong isang malutong na “hindi puwede!” Nanlalaki pa ang butas ng ilong nito.

Napangiwi siya. Umpisa na ng delubyo. Bakit ba hindi siya nakapaglagay ng cottonballs sa tainga? Nakakatulig pa man din ang boses nito.

“Ang mabuti pa, kung wala kang pambayad ay magbalut-balot ka na! Ang daming naghahanap ng tirahan ngayon. Sayang naman itong kuwarto kung hindi ko mapapakinabangan! Aba, Bunny, ano’ng palagay mo sa negosyo ko ha? Charity? Sana naman, tubuan ka ng konting hiya. Magbayad ka naman!”

“Eh, Aling Tacing, naghahanap naman po ako ng trabaho, konting palugit pa—”

“Palugit? Na naman? Kasalanan ko ba kung hindi ka makahanap ng trabaho? Siguro lalamya-lamyang ka sa pag-aapply! At paano kung hindi ka makahanap ng trabaho, aber? Paano mo pa ako mababayaran?”

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Hindi na malaman ni Bunny kung paano matatahimik si Aling Tacing. Nakakahiya sa mga kasambahay niya. Alam na alam ng mga ito na hindi pa siya bayad. Abala siya sa pag-iisip ng alibi kaya hindi napansing natahimik sandali ang kasera.

“Ahem,” anang isang tinig mula sa likod ni Aling Tacing. “May problema po ba?”

Ang tinig na iyon! Si Gene!

Napamulagat siya sa lalaki. Ano na naman kaya ang sadya nito roon? Pinaglihi kaya ito sa kabute? Sulpot nang sulpot! Napansin niyang nakaakbay na si Gene kay Aling Tacing na mukha namang kilig na kilig nang mga sandaling iyon. Aba, ang kanyang kasera biglang naging maamo ang mukha!

“Baka naman ho puwedeng mamayang hapon na lang, Aling Tacia,” dinig niyang sabi ni Gene sabay kindat sa kanya nang pasimple. “Sasamahan ko munang mag-withdraw itong si Bunny. Magsisimba po kasi kami.” Malambing ang tinig ng lalaki at halata namang umepekto iyon sa kasera niya dahil nakangiti ito. Narinig niyang tinanong ni Gene ang kabuuan ng kanyang utang.

“Ganoon ba?” Parang biglang kumislap ang mga mata ng kanyang kasera sa narinig. “Eh, ikaw

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

naman kasi, Bunny, hindi mo agad pinaliliwanag. Ang dami ko pa tuloy nasabi. Alam mo namang nag-aalala lang ako sa negosyo ko. Hala, sige hihintayin ko na lang kayo mamaya.” Mistula itong napakabait na tupa nang magpaalam sa kanila.

“Okay ka lang?” sarkastikong tanong niya kay Gene.

“Oo naman, ikaw kumusta?” sagot-tanong nito. Napapiksi si Bunny.

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin! Ang sabi ko, okay ka lang as in bakit mo sinabi iyon kay Aling Tacing? Saan ako kukuha ng pambayad mamaya? Pinalalaki mo lang ang problema ko! Eh, di mamaya lalo na akong lagot d’on!” patuloy siya sa paghihimutok.

Naaaliw namang nanood lang si Gene sa dalaga. She seemed so lost na para bang kailangan na kailangan nito ng tutulong dito. And he felt like her knight in shining armor! Feeling niya siya ang dapat gumanap sa papel na iyon. That is, if Bunny would allow him.

Nang muli niyang sulyapan si Bunny ay nakaupo na ito sa kama. Yakap ang dalawang paa at tila ba maiiyak anumang sandali. He remembered the



*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

incident when she cried in her jeepney that night. And he just could not stop thinking of her since then.

Nilapitan niya ito. Umupo siya sa tabi nito sa kama.

“Hey, I’m sorry. Hindi ko sinasadyang pangunahan ka. I thought, I was helping you.”

“Eh, paano nga ‘yan? Wala naman talaga akong maibabayad pa? Narinig mo naman kung magkano ang utang ko, di ba?”

Ewan ni Bunny pero somehow it felt good na nandoon si Gene at pinakikinggan siya. She thought she saw him smile. And she felt like smiling too, despite her problem.

“Ako’ng bahala,” ani Gene. “Tumayo ka na diyan. Maligo ka na rin, ’tapos samahan mo ’kong magsimba. Ayos ba ‘yon?”

*Ngek!* Parang mahuhulugan na naman siya ng harpa sa ulo. Ano sila, hihingi ng milagro sa mga santo sa simbahan? Hindi yata naiintindihan ng lalaking ito ang sitwasyon. She looked at him but he was dead serious. Mukhang doon nga sila hihingi ng saklolo.

“Gene, paano nga ako magsisimba, ang laki-laki

nga ng problema ko?”

“Huwag mo na munang isipin iyon, ako na ang bahala d’on. Basta samahan mo muna akong magsimba, okay?” Itinayo na siya nito at marahang itinulak papasok sa banyo ng kuwartong iyon. Mukhang desidido talaga itong isama siyang lumabas. “Maligo ka na, okay? Bilisan mo lang para abutan natin iyong nine to ten mass. Doon muna ako sa labas para hindi naman nakakahiya sa iyo,” paalam nito at kinindatan pa siya!

Hay, nalaglag yata pati panty ni Bunny!

---

Matapos magsimba ay niyaya ni Gene ang dalaga na kumain.

“Ikaw naman, gusto mo lang pala akong i-date, hindi mo pa dinerecha,” tudyo ni Bunny sa binata. Gene grinned and her heart skipped a beat. Para silang lovers!

“Sira! Di ko nga type ang mga maiitim,” ganting biro nito.

Sumimangot naman si Bunny. Lihim niyang pinagalitan ang sarili. Kung anu-ano kasi’ng sinasabi kaya tuloy siya pa ang napahiya.

“Oy, joke lang!” bawi naman kaagad ni Gene nang makita ang pagbabago niya ng mood. “Halika na nga, kumain na tayo. Pero huwag kang mapili, wala rin akong pera.”

“*Jollibee?* Kuripot mo naman, tsong,” pakli ni Bunny nang haltakin siya nito patungo sa fast food restaurant.

“Sus, nag-inarte pa ang ale. O diyan ka lang, ako na ang o-order at baka di magkasya ang pera natin.” Bago ito tumalikod ay kinindatan pa siya ng mokong. Parang nag-sommersault naman ang kanyang puso. Ilang minuto lang ay nakabalik na si Gene sa kinuupuan niya. May bitbit itong mga plastic.

“Take out na lang natin. ’Andaming tao, maingay. Hindi tayo makakapagkuwentuhan dito.”

“Saan naman po tayo kakain?”

“Ako’ng bahala. Sumunod ka na lang.” May alam daw itong park na puwede nilang kainan kaya naman sumunod na lang siya. Iyon pala ay kailangan pa nilang sumakay ng jeep at maglakad nang kaunti para marating ang sinasabi nitong park.

“Susme, Gene! Ang haba ng biniyahe natin, dito mo lang pala ako sa *Circle* dadalhin. Hindi ba

nakakatakot dito?”

“Don’t worry safe dito pag may araw. Wholesome. Saka, ano ba’ng inaalala mo, wala namang magkakainteres na lumapit sa ’yo,” buska na naman ng binata.

“Heh! Bastos ka talaga!” Todo simangot si Bunny.

“Ito naman, joke lang ‘yon! Sorry na.” Iniumang pa nito ang fries sa bibig niya.

“Ano ’to, suhol? Lagyan mo nga ng ketchup.” Pagkatapos ay sinubo rin niya ang fries na hawak ni Gene. “Ang akala ko po kasi meat market ang lugar na ito. Ngayon nga lang ako pumunta dito. Maganda pala. Pero ano ba ’yan? Wala pa ba tayong maupuan? Ang kunat na nitong fries, hindi na rin malamig ang *Coke* ko.”

“Kung pumayag ka na kasing maupo tayo sa damuhan, kanina pa sana tayo naka-relax. Ang dami mong reklamo, ang laki mo namang sumubo!” anito habang pinanonood siyang kumakain habang naglalakad.

“Eh, sa gutom na ’ko!” she said in between bites.

Gene found it odd na imbis na ma-turn off siya ay lalo pa siyang naaliw sa dalaga. Bunny ate with

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

so much gusto as if napakasarap ng burger at fries nito. And he found himself eating like her, too! He realized it actually felt good. Nang matapos sila ay sumeryosong muli ang mukha ni Bunny.

“Gene, thanks ha? Kahit papaano nakalimutan ko ‘yong problema ko, kaya lang hindi ko pa rin alam kung saan ako kukuha ng pambayad. Ba’t naman kasi pinaasa mo pa si Aling Tacing? Tiyak pag-uwi ko niyan nakaabang na iyon!”

“When I said ako’ng bahala, I meant it, Bunny,” anitong seryoso ang mukha. Hindi tuloy napansin masyado ni Bunny ang paraan ng pagsasalita nito. Bago pa man maitanong ni Bunny kung saan ito kukuha ng pera ay sinagot na iyon ni Gene. “May naipon naman ako, Bunny. Ipahihiram ko muna sa ‘yo.”

Bunny eyed him curiously, and maybe a little suspiciously. Hindi maitago ang pagtatanong sa mga mata niya. And Gene looked hurt, offended.

“Porque ba driver ako, wala na akong karapatang makaipon? Kuripot kasi ako at wala naman akong pamilyang susuportahan kaya akin lang lahat ng kita ko.”

Wala namang maapuhap sabihin si Bunny.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Parang nabasa na kasi ng lalaki ang laman ng isip niya. Nagyuko na lamang siya ng ulo. Nilaro niya ang mga daliri sa pagkapahiya sa sarili at kay Gene. Pakiramdam niya, masyado siyang nagiging mapangmata samantalang mahirap din naman siya. Gene was actually better off.

Nasanay lang siguro siya sa mga bida sa pocketbooks na binabasa niya. Iyong laging business tycoon ang hero at masasandalan financially ng babae, hindi lang emotionally. Hindi niya ikakaila na ganoon din ang hinahanap niya. Kaya lang sa itinagal-tagal na niyang nabubuhay sa mundo, wala pa siyang nakikilalang puwede niyang ihalintulad sa mga heroes sa libro.

Gene looked more than good enough para pumasang bida. Matangkad ito, maganda ang pangangatawan, at sabi nga ni Jenny with a butt to die for. Gene's skin was typical of any man, kayumanggi. Pero makinis ito at mukha laging mabango.

Gayunpaman, ang kalinisan nito sa katawan ay hindi nakabawas sa manly image nito. He wore his hair short. Ang ilong naman nito ay matangos, may pagka-aristokrata kung tingnan. His lips were full, parang ang sarap halikan. His eyes... ang mga ito

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

ang lagi niyang tinitignan. Minsan kasi ay parang napakaseryoso ng mga iyon. Minsan naman ay parang nagsasayaw sa kapilyuhan at kalokohan. He seemed ordinary and yet he looked so different, so irresistibly different.

Maging si Bunny ay nalilito sa paraan ng kanyang paglalarawan dito. Ipinilig niya ang ulo. One more look at Gene and Bunny would admit that more than his handsome features, she was drawn to his magnetic personality.

“I’m sorry,” she managed to speak at last. “Hindi naman ganoon ang ibig kong sabihin. Nag-aalala lang ako dahil baka may ibang umaasa sa ipon mo.” At kahit pa siguro naging mayaman ang lalaki, hindi pa rin niya kayang humiram dito ng pera. Dahil bukod sa kailan lang sila nagkakilala, sa tuwina ay masungit siya rito. Nakakahiya naman iyong bigla na lang niya itong uutangan. Saka baka kung ano pa’ng hingin nitong kapalit.

“Bunny, gusto ko lang makatulong...”

She eyed him once more. Siya na rin ang sumagot sa huling naisip niya. Gene was not that type. Hindi ito mukhang mapagsamantala. Hindi niya alam kung bakit niya nasabi iyon. Basta lang. She just knew it. She could feel that he was a good

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

man. That he was sincere in helping her. At paano ba niya tatanggihan ang alok nito gayong wala naman siyang ibang malalapitan? Isa pa, siguradong hinihintay siya ng kasera mamaya pag-uwi niya.

Sa bandang huli, pumayag din siya sa alok ni Gene. She promised to pay him sa oras na magkatrabaho siya. Natuwa siya dahil at least, nabawasan ang mga intindihin niya. Hindi rin maitago ang kasiyahan sa mga mata ng binata.

Ngunit ang pinakanatuwa sa balitang iyon ay si Aling Tacing!



# 4

*Correct me if I'm wrong,  
But there's a twinkle in your eye,  
And I think it's because of me...*

Natawa si Bunny sa nabasang message. Text iyon galing kay Gene. Mula nang pahiramín siya nito ng pambayad sa renta ay naging tila anino na niya ito. Lagi itong dumadalaw, laging nagte-text, laging nagyayayang lumabas.

“Uy! Pangiti-ngiti! Parang gusto kong hulaan kung sino ang nag-text, ah!” tukso ni Jenny. Mukhang katatapos lang nitong mag-almusal kaya nadatnan niya ito sa kusina. Mukhang pagayak na ito papuntang trabaho.

“Ano ka ba? Wala ’to, ’no.”

“Defensive ka naman agad diyan. Huwag ka nang mahiya. Pero seryoso, Buns, kayo na ba ni Papa Gene?”

“Ikaw talaga ang aga-aga, inaasar mo ako.”

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Nagbukas siya ng refrigerator at naghanap na mailuluto.

“Hindi nga? ‘Yong papunta-punta niya rito, friends lang kayo, gan’on?”

“Oo nga sabi!” pakli niya. “Hindi naman nanliligaw ‘yong tao, eh.”

Well, hindi naman iyon kasinungalingan dahil wala naman talagang sinasabi si Gene. Ang totoo, lagi pa nitong sinasabing hindi nito type ang maitim na tulad niya. Pero hindi rin maikakailang malambing ito at maasikaso sa kanya. Minsan nga ay parang naiinis na siya dahil mukhang hindi nga siya nito gusto. But then again, she would say it was all right. Mas maganda na iyong magkaibigan lang sila dahil kung sakaling manligaw ito, hindi rin siya sigurado kung sasagutin niya ito. Oo nga’t mabait ito, guwapo, mabango, sexy, matalino, maginoo, at lahat na yata ng magandang katangiang taglay na nito. Iyon nga lang, jeepney driver ito at hindi ito mayaman.

Hindi niya ito minamata. After all, napatunayan na niyang masinop ito at madiskarte sa buhay. Katunayan ang savings nito sa bangko.

The problem was, it was not enough for Bunny.

Gusto niyang yumaman. Gusto niyang tumira sa malaking bahay na siya ang may-ari at walang madaladal na kaserang magbububunganga kapag di siya nakabayad ng upa. Gusto niyang makasakay sa magarang sasakyan. Mapaaral ang mga kapatid sa exclusive school, makapagpadala ng malaking pera sa probinsya, mapakain ng masasarap ang pamilya niya. Iyon lang naman ang gusto niya, masama ba iyon?

At malamang, hindi iyon maibibigay ni Gene.

She shrugged. Bakit ba pinag-iisipan niya iyon, eh hindi naman nga nanliligaw si Gene?

“Pero sana nanliligaw nga siya sa ‘yo, ano?” pangungulit pa rin ni Jenny.

“Heh! Kung anu-ano’ng pinagsasasabi mo riyon. Mabuti pa, maliligo na ako. Ngayon ang interview ko d’on sa isang kompanyang in-apply-an ko. Kahapon ay tinawagan ako kaya nga excited ako!”

---

Pagdating sa building ng *Philia Ligna, Inc.* ay di maiwasang humanga ni Bunny sa interiors niyon. Alam niyang isa iyon sa pinakakilalang kompanya pagdating sa mga furnitures at fixtures. Nag-o-offer din ito ng architectural and design consultation and

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

other services. Sa totoo lang ay wala naman siyang background sa interior designing o architecture. Malayo iyon sa tinapos niyang BS Philosophy. Ewan din niya kung bakit iyon ang pinili niyang kurso. Ang mahalaga sa kanya noon ay makatapos lang siya.

At ngayon nga ay isasalang na siya sa interview. She crossed her fingers.

It was Gene who suggested na subukan niyang mag-apply sa kompanyang iyon. Nabasa raw nito minsan sa diyaryo ang ad niyon na naghahanap ng research personnel. At dahil mahusay naman siya sa ganoon ay naisip na rin niyang subukan. Bakit nga naman hindi?

---

“Have a seat.” Utos iyon galing sa lalaking nakaupo sa likod ng malaking mesang naroroon sa loob ng silid. Kaagad naman siyang tumalima. Taliwas sa inaasahan niya ang magiging hitsura ng kanyang kaharap. Ang in-expect niya ay isang matandang babaeng nakasalamin at nakapusod ang buhok. Pero ang nasa harapan niya ngayon ay isa yatang demigod.

Ang lalaki ay mukhang nasa early thirties na nito siguro. Guwapong-guwapo ito sa suot na

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

amerikana. Pormal na pormal ang dating. Mayaman na mayaman. *Pero hindi hamak na mas guwapo nang ilang paligo si Gene*, singit ng utak niya. Mas guwapo si Gene kahit simple lang manamit. Ismarteng magdala at siguradong mas bagay rito ang suot na amerikana ng kaharap.

He cleared his throat and began interrogating her. Madali lang ang mga tanong. The usual. Napagalaman niyang Enrico Cepeda ang pangalan nito.

“So, you are Bunny?” tanong nito.

Bahagya naman siyang nagulat. “You know my nickname, Sir?”

Mukha namang nabigla sa kanyang tanong ang lalaki. Mukhang hindi napaghandaan iyon. “Well, ahm, yes.” Tumikhim pa muna ito bago nagpatuloy sa pagsasalita, “It’s written here in your resume.”

*Silly me!* aniya sa sarili.

Marami pang itinanong sa kanya ang lalaki. Pati na kung may boyfriend na siya. Hindi maikakailang nangiti ito nang sabihin niyang wala. After that, he dismissed her. Sinabing tatawagan na lamang uli siya. Ganoon naman lagi. She just wished na palarin siya sa pagkakataong ito.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Dahil wala naman nang iba pang gagawin ay ipinasya niyang umuwi na. Pagdating niya sa ground floor ay naabutan niya si Gene. Maluwang ang ngiti at halatang siya ang hinihintay.

“Hi, Buns! Kumusta ang interview mo?”

“Pumunta ka pa rito para lang tanungin ’yan? Huwag mong sabihing umaabot dito ang biyahe ng jeep mo?” takang tanong niya.

“I was around the area kaya naisipan ko nang daanan ka rito,” bale-wala namang tugon ni Gene. Hindi na lang niya pinansin ang pag-i-English nito.

Noon pa niya iyon napapansin, at kung minsan ay gusto niya nang maghinala dahil parang sanay na sanay itong gamitin ang wikang iyon. Tama ang diction, tama ang pronunciation. Kaya lang ayaw na niyang tanungin ang lalaki tungkol doon at baka ma-offend na naman. Baka sabihin nitong pinapalabas niyang porque driver ito ay hindi na puwedeng matutong magsalita ng English.

“So, hindi ka pumasada ngayon?”

“Hindi. May inasikaso lang ako malapit dito. Tara!”

---

Sa *Rockwell* sila humantong pagkagaling sa *Philia Ligna, Inc.* Doon daw sila magla-lunch, ani Gene.

“Ikaw naman, ang aga magpa-blow out. Hindi pa nga ako tanggap,” biro ni Bunny dahil alam niyang wala namang murang kainan sa lugar na iyon. “Mag-*Jollibee* o kaya *KFC* na lang tayo ha?”

“Ang gusto ko, totoong pagkain. Iyong mabigat sa tiyan. Hindi uubra sa akin ang combo-combo meals.”

“Gan’on? Eh, di value meals na lang,” hirit pa ni Bunny. Patuloy sila sa paglakad.

“Ayaw ko nga n’on.”

“Happy meal, type mo?”

Gene stopped walking, turned to her and gently pinched her nose. “Kulit mo talaga, Ineng! Ang type ko po heavy meal.”

“Saan naman tayo kakain kung ganoon? Pangmayaman yata itong kinasadlakan natin, eh.”

“Ako ang bahala, okay? Relax ka lang!”

Si Gene ang pumili kung saan sila kakain. At dahil nabasa niya ang menu, alam niyang hindi

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

biro ang mga presyo ng pagkain doon. Parang gusto niyang kabahan nang mas matindi pa kaysa sa interview niya kanina.

Bunny tugged at the hem of his shirt. Parang gusto niyang pagpawisan nang malapot. Paano ba niya sasabihin ditong dalawang daan na lang ang laman ng wallet niya?

“Akala ko pa naman malilibre ako sa pamasahe,” bulong niya.

“May sinasabi ka, Buns?”

“Ang sabi ko po, Ginoong Eugenio, baka maghugas tayo ng pinggan pag dito tayo kumain. Tingnan mo nga, ang mahal dito! Parang ilang kilong karne ang katumbas ng bawat order.”

Hindi pa tapos sa paglilitanya si Bunny ay kaagad namang lumapit ang isang waiter sa kanila.

“Table for two, Sir?” baling nito kay Gene. Tumango lamang ito at giniya na siya sa isang mesa. Napangiwi lalo si Bunny nang makaupo na sila. Buti na lamang at medyo pormal ang gayak niya sa araw na iyon. Pinandilatan niya ang binata. Bahala na mamaya. May dala naman siguro itong pera.

Gene expertly gave their orders as if he was used



to dining in that place. Ang totoo ay tila napaka-authoritative at napaka-confident nito habang kausap ang waiter. Siya ang kinakabahan.

“Gene,” untag niya pagkaalis ng waiter, “Nakikinig ka ba sa akin? Ang sabi ko, wala akong budget para dito. Kaka-interview ko pa lang, hindi ako bagong suweldo.”

“Ano ka ba? Just relax, okay?” Hinawakan pa nito ang kamay niyang nasa ibabaw ng mesa. Hindi niya namalayang nakakuyom na pala iyon dahil sa tensyon. She felt relieved sa ginawi nitong iyon bagaman bahagyang nagulat. But it felt good kaya hindi siya nag-react. *Baka alisin pa, eh.* Pati yata giligid niya gustong kiligin.

“Don’t worry, ako ang taya,” paniniguro nito. Her face lit up kahit sa pakiwari niya ay sinadya lang siyang takutin ng buwisit na lalaking ito. Bakit ba hindi nito kaagad sinabi iyon?

“Mabuti na ‘yong malinaw,” aniya. Ang totoo ay gusto niyang sabihing mahal doon at baka maubos na niya ang ipon nito. But she did not voice out her thoughts. Sensitive si Gene pagdating sa ganoong bagay.

“Huwag mo nang isipin ‘yon, Bunny. I can read

what's on your mind.” Seryoso ito pero ang mga mata ay parang nagsasayaw-sayaw. Nagtu-twinkle? Dahil ba sa kanya? Sana.

“No offense meant, Gene. Do you realize kung gaano kamahal dito? Puwede naman ako sa fast food, eh. Tara na, habang wala pa iyong mga in-order natin.” She knew it was a stupid suggestion.

“I work hard. Tama lang naman sigurong ma-enjoy ko minsan ang pinagpaguran ko, right?”

“O sige na nga. Bahala ka na nga! Basta siguraduhin mo lang na hindi tayo maghuhugas ng plato.”

“Don't worry, that won't happen!”

---

Magana silang kumain nang dumating ang mga in-order nila. Marami iyon pero naubos nila lahat. Mahirap ang hindi mahawa sa gana ng lalaki. At dahil hindi naman talaga likas na maarte sa pagkain ay lumantak din si Bunny.

Mas lalong na-amuse si Gene sa babae. She was really something! Hindi niya maiwasang isipin minsan kung bakit hindi ito tumataba gayong ang lakas nitong kumain.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Natawa siya nang mapansing nakapusod ang buhok nito. Ngayon lang niya napansin iyon. Natigil naman sa pagnguya si Bunny. Isang malaking ‘Bakit?’ ang nakapinta sa mukha nito, with both her eyebrows raised.

Iiling-iling siyang tumugon. “Wala, hindi lang ako sanay na nakikita kang nakapusod. Hindi pala halatang kinky ang buhok mo pag nakaganyan,” biro niya.

“Heh! Sige ka, magte-take out ako nang marami pag hindi ka tumigil diyan!” kunwa’y pananakot ng dalaga.

“Huwag na. Wala nang next time pag ginawa mo ‘yon. O kaya baka paghugasin na tayo ng pinggan.”

They were busy teasing and enjoying each other’s company nang may bigla na lamang sumingit sa kanilang pagbibiruan.

“Gene!” bulalas ng isang babae. Dito nalipat ang atensyon nilang dalawa. Pagtataka ang rumehistro sa mukha ni Bunny. Sino kaya ang babaeng ito?

Maganda ito. Matangkad at mas payat sa kanya. Halatang mamahalin ang silk suit na suot, maging ang sapin sa paa ay nasisiguro niyang signed. Makinis ang balat pero ang noo ay tadtad ng pilegis.

*Prince Charming In Disguise - Darla Domingo*

---

Halatang tinakpan lang ng makapal at mamahalin ding makeup. Maayos na naka-French twist ang buhok nito na animo may dadaluhang pagtitipon kahit magla-lunch lang naman.

Si Gene naman ay nagulat. Hindi nito inaasahang makikita roon ang babae.

“Where have you been all this time?” the woman asked. “Ang sabi nila, nagbabakasyon ka? And why aren’t you answering my calls?” sunud-sunod ang tanong nito kaya halatang iritado si Gene.

“Sandra, not here please.” He was not pleading at all. It seemed an order, actually.

“But, Gene, I was worried about you! Maging si Papa ay hindi mapakali dahil hindi ka raw sumipot sa usapan ninyo.”

“Sandra, I said not here!” ulit ni Gene sa mas matatag na tono, bagay na hindi pinansin ng babae.

“And who is this little company you have, darling?”

Mapanuri ang tinging ipinukol nito kay Bunny.

“Ako si Bunny. At sino ka ba? Ginugulo mo ang pagkain namin ni Gene.”

“Why! Why! The girl has guts! Magdahan-dahan ka sa—”

“Stop it!” Instantly, napatingin ang dalawa kay Gene. Hindi nakatakas sa mga mata ni Bunny ang pagtatagis ng bagang ng binata. Marahas na naglabas ng pera si Gene mula sa pitaka sa bulsa ng pantalon nito, ipinatong iyon sa table saka hinila si Bunny palabas ng restaurant na iyon.

Ang babae naman ay tila nabigla at hindi na nagawang humabol sa kanila. Masama ang tingin nito sa kanila nang malingunan ni Bunny.

Bunny was confused. Something was going on pero hindi niya magawang magtanong. Ayaw niyang i-pressure lalo si Gene. At maaari ring isa iyong personal na bagay na hindi niya kailangan pang malaman. Hihintayin na lang niyang magpaliwanag ito.

Pumara ng taxi si Gene. Walang salitang sumakay na rin siya. Habang daan ay tahimik silang pareho. Inihatid siya nito hanggang sa tinutuluyan niya pagkatapos ay nagpaalaam na rin. She felt bad dahil walang sinabi si Gene sa kanya. She was dying to know what was that all about pero alam niyang hindi siya dapat mangulit.